

Maikling Patnubay:

Aplikasyon para sa Pagpaparehistro/ Maagang Pagpaparehistro sa California

Kapag nagkukumpleto ng isang kard ng Aplikasyon para sa Pagpaparehistro/Maagang Pagpaparehistro (Voter Registration Card), mangyaring tiyakin na magsusulat ka nang malinaw gamit ang kulay asul o itim na tinta Kumpletuhin ang isang kard ng Pagpaparehistro ng Botante kung ikaw ay:

- Isang bagong botante,
- Maagang nagpaparehistro para makaboto,
- Nagpalit ng iyong pangalan,
- Lumipat, o
- Gustong palitan ang iyong kinakatigang partidong pampulitika o anumang ibang impormasyon sa iyong rekord bilang botante.

Ikaw ay maaari ring magparehistro o maagang magparehistro para makaboto online sa RegisterToVote.ca.gov.

Seksiyon 1 - Mga Kuwalipikasyon

Maaari kang magparehistro para makaboto:

- Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos at isang residente ng CA, at
- Magiging 18 taong gulang o mas matanda bago lumampas ang Araw ng Halalan.

*Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, maaari kang maagang magparehistro para makaboto.

Seksiyon 2 - Iyong Legal na Pangalan

Inaatasan kang ibigay ang iyong:

- 1) Unang pangalan,
- 2) Panggitnang pangalan kung angkop, at
- 3) Apelyido (kabilang ang anumang suffix, tulad ng Jr., Sr., III).

Seksiyon 3 - Pagkakakilanlan

Kakailanganin mong ibigay ang iyong:

- 1) Petsa ng kapanganakan,
- 2) Numero ng lisensiya sa pagmamaneho sa CA o CA ID,
- 3) Huling 4 na numero ng iyong SSN, kung mayroon ka, at
- 4) Estado ng U.S. O ibang bansa kung saan ka ipinanganak.

Seksiyon 4 – Direksiyon Kung Saan Ka Nakatira

HINDI ka makakagamit ng P.O. Box # para sa seksiyong ito.

Dapat mong ibigay ang iyong:

- 1) Tirahan, kabilang ang apartment o numero ng yunit kung angkop,
- 2) Lungsod,
- 3) Kodigo Postal, at
- 4) County sa California.

Kung wala kang kalyeng direksiyon, maaari kang magbigay ng isang eksaktong paglalarawan kung saan ka nakatira. Isama ang mga kakrus na kalye, ruta atbp.

Seksiyon 5 – Direksiyong Pangkoreo

Kung ikaw ay may ibang direksiyong pangkoreo ibigay ito rito.

Maaari kang gumamit ng isang P.O. Box # bilang iyong direksiyong pangkoreo.

Seksiyon 6 – Kasaysayan ng Pagpaparehistro

Kumpletuhin ang seksiyon ng pagpaparehistro. Kung ikaw ay nagparehistro na dati. Ibigay mo ang iyong:

- 1) Buong legal na pangalan,
- 2) Dating tirahan, at
- 3) Dating kinakatigang partidong pampulitika (kung mayroon.)

Seksiyon 7 – Pagboto sa pamamagitan ng koreo

- Kung minarkahan mo ang “Oo,” matatanggap mo ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo bago ang bawat halalan pero, kung gusto mong bumoto nang personal dapat mong ibigay ang iyong balota upang makaboto sa iyong lugar ng botohan o maaaring pabotohin ka nang pansamantala.
- Kung minarkahan mo ang “Hindi,” patuloy kang boboto sa Araw ng Halalan sa isang lokasyon ng pagboto (maliban kung ang ginagamit ng iyong county ay mga sentro ng pagboto).

Seksiyon 8 – Kinakatigang Partidong Pampulitika

Makakapili ka mula sa mga sumusunod na partidong pampulitika:

- Partidong Amerikanong Independiyente
- Partidong Demokratiko
- Partidong Luntian
- Partidong Libertaryan
- Partidong Kapayapaan at Kalayaan
- Partidong Republikano
- O iba, na kailangan mong isulat

Kung ayaw mong pumili ng isang partidong pampulitika, maaari mong markahan ang kahong “Walang Partido/Wala”.

- Kung pinili mo ang opsyong ito, maaaring hindi ka makaboto para sa ilang kandidato sa pagkapresidente sa isang pampanguluhang primaryang halalan o para sa komite sentral ng isang partido.

Seksiyon 9 – Opsyonal na Impormasyon Tungkol sa Botante

Maaari mong isama ang iyong email at numero ng telepono.

Maaari mong piliin ang iyong gustong wika para sa pagtanggap ng mga materyal sa halalan sa mga sumusunod na wika:

- Ingles
- Espanyol
- Tsino
- Hindi
- Hapon
- Ibang Wika: _____
- Khmer
- Koreano
- Tagalog
- Thai
- Biyetnamis

Kung walang minarkahang kahon, ang mga materyal ng botante ay ipagkakaloob sa Ingles.

Maaari mo ring piliin ang kahon upang humiling ng mga materyal sa pagboto sa isang madaling makuhang anyo.

Maaari mo ring piliin ang kahon upang maging isang manggagawa sa botohan.

Maaari mo ring isama ang iyong etnisidad/lahi.

Seksiyon 10 – Apidabit

Dapat mong pirmahan at petsahan ang pulang kahon upang makumpleto ang iyong pagpaparehistro.

Kapag pumirma ka, ikaw ay nanunumpa at nag-aapirma na ikaw ay:

- 1) Isang mamamayan ng U.S. at residente ng California at hindi bababa sa 16 na taong gulang.
- 2) Kasalukuyang wala sa pang-estado o pederal na bilangguan o parolado para sa isang napatunayang peloni.
- 3) Kasalukuyang hindi ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan.
- 4) Nauunawaan na isang krimen ang sadyang magbigay ng hindi tamang impormasyon sa kard.
- 5) Nagdedeklara sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang impormasyong nasa kard ay totoo at tama.

Ilalim ng Kard - Asul na Kahon

Kung may tumulong sa iyo na kumpletuhin o ihatid ang kard, ang asul na kahon na matatagpuan sa pang-ilalim na kanang-kamay na panig ay dapat kumpletuhin at pirmahan ng taong tumulong sa iyo.

Kapag Tapos na

- Pilasin at kunin ang pang-ilalim na bahagi bilang iyong resibo at itago ito hanggang makatanggap ka ng paunawa mula sa opisyal sa mga halalan ng iyong county.
- Itiklop at iteyp ang iyong Kard ng Pagpaparehistro ng Botante. Huwag iisteypol ang kard.

Hindi kailangan ng selyo kung ipapakoreo sa Estados Unidos.

Mahalagang Impormasyon

Alamin online ang iyong pagpaparehistro bilang botante:
<https://voterstatus.sos.ca.gov>

Ligtas sa Tahanan

Kung ang pagbahagi ng iyong tirahan ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib, ikaw ay maaaring karapat-dapat magparehistro para makaboto nang kompidensiyal.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang programang Ligtas sa Tahanan.

Ligtas sa Tahanan:

(877) 322-5227

Online:

SafeAtHome.sos.ca.gov

Para sa impormasyon tungkol sa halalan, mangyaring bisitahin ang: www.sos.ca.gov, o tumawag sa:

English - (800) 345-VOTE (8683)

Español / Spanish - (800) 232-VOTA (8682)

中文 / Chinese - (800) 339-2857

हिन्दी / Hindi - (888) 345-2692

日本語 / Japanese - (800) 339-2865

ខ្មែរ / Khmer - (888) 345-4917

한국어 / Korean - (866) 575-1558

Tagalog/Tagalog - (800) 339-2957

ภาษาไทย / Thai - (855) 345-3933

Việt ngữ / Vietnamese - (800) 339-8163

Kung naniniwala ka na ikaw ay isang biktima ng pandaraya sa halalan, maaari mong gamitin ang Porma ng Reklamo ng Botante sa Halalan upang iulat sa aming opisina ang paglabag. Kung may mga tanong ka, maaari mong kontakin ang opisina ng Kalihim ng Estado sa:

Ingles: (916) 657-2166 o (800) 345-VOTE (8683) · Espanyol: (800) 232-VOTA (8682)